# Lahat ng empleyado ng gobyerno, dapat magpa-drug test- VM Joy B

Kailangang dumaan sa drug test ang lahat ng empleyado ng gobyerno alinsunod sa pambansang kampanya ng pamahalaan kontra illegal drugs.

Ito ang sinabi ni Quezon City Vice Mayor Joy Belmonte bilang reaksiyon sa pahayag ng mga guro ng public schools na insulto na sa kanilang propesyon ang pagpapa- drug test ng kanilang hanay.

Binigyang diin ni Belmonte na ang pagsasailalim sa mga guro sa drug test ay bahagi ng suporta sa pamahalaan kontra droga.

"Mandatory po ang drug testing sa lahat ng government employee. Si Secretary Briones nagpa-drug test, lahat ng undersecretary ng DepEd nagpa-drug test, ako nagpa-drug test, at si Mayor Herbert Bautista nagpa-drug test," pahayag ni Belmonte .

Kamakailan ay nagprotesta ang mga guro sa harap ng Quezon City Hall upang itawag ng pansin ang kanilang problema sa naantalang allowance at ang pagtangging sumailalim sila sa drug test.

Gayunman, nilinaw ni Belmonte sa mga guro na hindi sila 'sinisingle-out' hinggil sa kampanya ng pamahalaan kontra droga.

"Gusto lang po natin mag-comply sa requirement na lahat ng government employees ay drug-free. Tapos hindi naman kayo dapat mag-alala kasi, kung may positive sa atin, strictly confidential and private po ang information na ito," pahayag pa ni Belmonte.

Ipinaliwanag din nito na katuwang ng lokal na pamahalaan ang Department of Education (DepEd) para sa pag-aayos ng schedule ng orientation ng mga guro tungkol sa drug test para masagot ang lahat ng kanilang mga katanungan.

Ang drug test program na ito ay libre para sa lahat ng mga guro. Sa tulong ng DepEd, magkakaroon din ng intervention at counselling sa mga magpopositibo sa drug test.

Ayon sa Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA), mula Hulyo 2016 hanggang Hunyo 2018, 21 guro mula sa elementary at high school sa buong bansa ang naaresto dahil may kinalaman sila sa droga. *(Angie dela Cruz)*